Mensahe Sampu

# Mga Namamahalang Prinsipyo Na Kailangan Nating Makita at Maranasan Upang Maangkin si Kristo bilang Mabuting Lupain

Babasahin sa Kasulatan: Col. 2:6; 1 Cor. 6:17; 12:12-13; Gawa 9:3-5; Exo. 13:21-22; Col. 4:2

**I. "Kung paano nga ninyong tinanggap si Kristo Hesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa loob Niya"—Col. 2:6:**

A. Kung paanong tinanggap natin si Kristo, kailangan nating lumakad sa Kanya; ang lumakad sa Kanya ay ang mamuhay, gumawa, kumilos, at gumawi sa loob ni Kristo upang matamasa natin ang Kanyang kayamanan, gaya ng ang bayan ng Israel ay namuhay sa mabuting lupain, tinatamasa ang lahat ng mayamang ani nito.

B. Ang mabuting lupain ngayon ay si Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu (Gal. 3:14), na nananahan sa ating espiritu (2 Tim. 4:22; Roma 8:16) upang maging ating katamasahan.

C. Ang lumakad ayon sa espiritu at sa pamamagitan ng Espiritu (b. 4; Gal. 5:16) ay ang sentro at napakahalagang punto sa Bagong Tipan.

**II. Upang lumakad kay Kristo, yaon ay, upang lumakad ayon sa espiritu at sa pamamagitan ng Espiritu bilang realidad ng mabuting lupain, kailangan nating makita na ang susi ng espiritwal na pakikipagsalamuha ng mga isinilang na muling mananampalatayang may tatlong bahagi sa napasukdol na Tres-unong Diyos ay ang 1 Corinto 6:17—"Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay [iisang espiritu]":**

A. Sinasamba natin ang Diyos Espiritu sa pamamagitan ng ating espiritu—Juan 4:24.

B. Tayo ay isinilang na muli ng Diyos bilang Espiritu upang maging isang espiritu—3:6.

C. Ang Espiritu ay sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos—Roma 8:16.

D. Tayo ay nagiging isang pinananahanang lugar ng Diyos sa ating espiritu, at ang Espiritu ang Nananahanan—Efe. 2:22.

E. Ang Panginoong Hesus bilang malahanging Kristo at bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay nasa ating espiritu—2 Tim. 4:22; Rom. 8:10.

F. Ngunit kung ang Espiritu niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay nananahan sa loob natin, Siyang nagbangon kay Kristo Hesus mula sa mga patay ang magbibigay-buhay naman sa ating mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung nananahan sa atin—v. 11.

G. Kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay natin ang mga gawa ng katawan, tayo ay mabubuhay—v. 13b.

H. Inilalagak natin ang ating kaisipan sa espiritu para sa buhay at kapayapaan—v. 6.

I. Ipinako na sa krus ng mga kay Kristo ang laman kasama ang masasamang nasa at mga pita nito (sa pamamagitan ng Espiritu)—Gal. 5:24.

J. Kapag lumalakad tayo sa pamamagitan ng Espiritu, hindi natin gagawin ang pita ng laman—v. 16.

K. Kung tayo ay namumuhay sa pamamagitan ng Espiritu, magsilakad naman tayo sa pamamagitan ng Espiritu—v. 25.

L. Lumalakad tayo (gumagawi) sa at ayon sa espiritu (ang pinaghalong espiritu) para sa pagsasakatuparan ng katuwiran ng kautusan—Roma 8:4.

M. Sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, ipinamumuhay natin si Kristo at dinadakila Siya—Fil. 1:19b-21a.

N. Nananalangin tayo sa bawat panahon sa espiritu—Efe. 6:18.

O. Napapabanal tayo sa Espiritu—Roma 15:16.

P. Napapabago tayo sa pamamagitan ng Espiritu sa ating espiritu—Tito 3:5; Efe. 4:23.

Q. Natatransporma tayo sa pamamagitan ng Panginoong Espiritu tungo sa maluwalhating larawan ni Kristo—2 Cor. 3:18.

R. Ang Espiritu bilang napasukdol na Tres-unong Diyos at ang kasintahang babae bilang natranspormang taong may tatlong bahagi sa kalaunan ay magiging isang espiritwal na mag-asawa, isang pakikipaghalo ng pagkadibino sa pagkatao (Apoc. 22:17a), upang maging napasukdol na Bagong Herusalem para sa Kanyang walang hanggang paglaki at kahayagan na may dibinong kaluwalhatiang nahayag sa naluwalhating pagkatao (21:10-11).

**III. Kailangan nating makita na ang Isa kung kanino tayo kailangang lumakad ay si Kristo sa Kanyang ganap na ministeryo sa tatlong yugto:**

A. Ang sentrong pahayag ng Diyos ay ang sumusulong na pahayag ng Diyos sa Biblia—ang "binatang" Diyos, ang nagkatawang-taong Diyos, ang nagtutubos na Diyos, ang timpladang Diyos, ang pinatinding Diyos, ang nananahanang Diyos, at ang nailakip na Diyos; ang nailakip na Diyos ay ang Katawan-Kristo na ganap na mapasusukdol sa "nag-asawang" Diyos, ang ganap na nailakip na Diyos, ang Bagong Herusalem.

B. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ni Kristo sa Kanyang ganap na ministeryo sa tatlong yugto—pagkakatawang-tao, pagpapaloob, at pagpapatindi; ang pagbabawi ng Panginoon ay ang Diyos na naging laman, ang laman na naging Espiritung nagbibigay-buhay, at ang Espiritung nagbibigay-buhay na naging pitong ulit na pinatinding Espiritu upang itayo ang ekklesia na magiging Katawan ni Kristo at na mapasusukdol sa Bagong Herusalem:

1. *Ang Diyos na naging laman* ay ang "binatang" Diyos na naging nagkatawang-taong Diyos at nagtutubos na Diyos—Juan 1:1, 14, 29.

Mensahe Sampu (pagpapatuloy)

2. *Ang laman na naging Espiritung nagbibigay-buhay, at ang Espiritung nagbibigay-buhay na naging pitong ulit na pinatinding Espiritu* ay ang timpladang Diyos na naging pinatinding Diyos upang maging nananahanang Diyos—1 Cor. 15:45b; Apoc. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6.
3. *Ang naitayong ekklesia na magiging Katawan ni Kristo at na mapasusukdol sa Bagong Herusalem* ay ang nailakip na Diyos, ang Katawan-Kristo, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem, ang ganap na pakikipag-isa, pakikipaghalo, at pakikipaglakip ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos sa naproseso at napasukdol na taong may tatlong bahagi—Juan 17:21; Efe. 4:4-6, 16; Col. 2:19; Apoc. 19:7-9; 21:2, 9-10.

**IV. Ang kasalukuyang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng Katawan-Kristo ("si Kristo") sa buhay-ekklesia; ang Katawan-Kristo ay ang nailakip na Diyos; sa gayon, ang lumakad kay Kristo ay ang lumakad sa Kanya bilang Katawan-Kristo, na siyang nailakip na Diyos—1 Cor. 12:12-13; Gawa 9:4-5, 15; Col. 2:19; Efe. 4:1-6, 15-16; Juan 14:23; 17:21:**

A. Sinasabi sa 1 Corinto 12:12, "Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, at ang lahat ng sangkap ng katawan bagama't marami ay iisang katawan, gayundin naman si Kristo"; ang "si Kristo" sa bersikulong ito ay hindi ang indibidwal na Kristo kundi ang sama-samang Kristo, si Kristong nailakip sa lahat ng Kanyang sangkap.

B. Ito ang sama-samang "Ako" na nakita ni apostol Pablo sa kanyang lumulupig na pakikipag-usap kay Kristo; nakita niya na ang Panginoong Hesus at ang Kanyang mga mananampalataya ay isang dakilang persona—ang kahanga-hangang "Ako"—Gawa 9:3-5.

C. Kailangan nating makita na ang Kristo kung kanino tayo kailangang lumakad ngayon ay hindi lamang ang indibidwal na Kristo bagkus gayundin ang kahanga-hangang "Ako," ang Katawan-Kristo, na siyang nailakip na Diyos.

D. Ang tanggapin at ang lumakad kay Kristo ay ang tanggapin at ang lumakad sa Katawan-Kristo, dahil ang Kristo ngayon ay isang sama-samang Katawan; si Kristo ay hindi na lamang ang indibidwal na Kristo bagkus ang sama-samang Kristo rin, ang Ulo kasama ang Katawan; gumagawa ito ng malaking pagbabago sa ating buhay-Kristiyano upang makalakad tayo sa sama-samang Kristo.

E. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng "pagpapaging-Kristo," isang pagbabawi na dalisay at lubusang sa persona ni Kristo upang matamo ang realidad ng Katawan-Kristo sa buhay-ekklesia—1 Tes. 5:23; Fil. 1:19-21a; 3:8-14; 2 Cor. 2:10; Col. 3:10-11.

F. Itinatayo ngayon ng Panginoon ang Katawan-Kristo sa buhay-ekklesia; sa Katawan-Kristo, naisasagawa si Kristo tungo sa lahat ng Kanyang sangkap, at ang lahat ng Kanyang sangkap ay naisasagawa tungo sa Kanya sa pamamagitan ng paglago sa buhay at transpormasyon sa buhay para sa kahayagan ni Kristo—2:19; Roma 12:2; 2 Cor. 3:18; 1 Cor. 12:12-13:

1. Sa Katawan-Kristo tinatamasa natin si Kristo bilang lahat-lahat—bb. 3b, 13.
2. Sa Katawan-Kristo mayroong pangsyon ng lahat ng sangkap—bb. 14-22.
3. Sa Katawan-Kristo mayroong sama-samang paghahalo ng mga sangkap sa loob ng kaisahan ng Tres-unong Diyos—bb. 23-27; Juan 17:21; Efe. 4:1-6.

**V. Upang maangkin ang at lumakad sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang realidad ng mabuting lupain, kailangan nating makita na ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin kapwa sa ating buhay sa Panginoon at sa ating paggawa sa Panginoon; sa Exodo 33:12-17, nakipagtawaran si Moises sa Diyos upang sumakanya ang Kanyang presensiya at sa bayan ng Diyos; tumugon ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasabi, "[Ang Aking presensiya] ay sasaiyo, at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan"—b. 14:**

A. Nabubuhay ang Panginoon sa atin, Siya ay paroroon saanman tayo magtungo, ngunit sumasaatin ba ang Kanyang presensiya? Maraming beses ay maaaring tulungan tayo ng Panginoon, ngunit maaaring hindi Siya masaya sa atin; kailangan nating mapamahalaan ng tuwiran, at primera-manong presensiya ng Panginoon.

B. Ang presensiya, ang ngiti ng Panginoon, ay ang namamahalang prinsipyo upang makapasok tayo at maangkin si Kristo bilang realidad ng mabuting lupain; ang presensiya ng Diyos ay ang daan, ang "mapa," na nagpapakita sa bayan Niya ng daan na dapat nilang tahakin.

C. Ayon sa larawan sa Exodo, nanguna sa kanila ang presensiya ng Panginoon "sa araw, sa isang haliging ulap upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi ay sa isang haliging apoy upang tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa gabi. Ang haliging ulap sa araw at ang haliging apoy sa gabi ay hindi umalis sa unahan ng taong-bayan"—13:21-22:

1. Sa tipolohiya ang ulap ay sumasagisag sa Espiritu (1 Cor. 10:1-2), at ang apoy, para sa pagliliwanag, ay sumasagisag sa Salita ng Diyos (Awit 119:105; Jer. 23:29); kaya, ang kagyat, buháy na pagpapatnubay mula sa presensiya ng Diyos ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu o ng Salita.
2. Ang dalawang haligi ay sumasagisag sa Diyos Mismo, sapagkat Siya ay kapwa ang Espiritu at ang Salita (Juan 4:24; 1:1); higit pa rito, ang Salita ay ang Espiritu rin (6:63; Efe. 6:17).
3. Sa gayon, ang Diyos, ang Salita, at ang Espiritu ay iisa upang patuloy tayong patnubayan at gabayan, sa araw man o sa gabi; sa buhay-Kristiyano, walang kaibahan ang araw at gabi, sapagkat ang liwanag mula sa haligi ng apoy ang nagsasanhi sa gabi na maging araw.

D. Ipinakikita rin sa atin sa Exodo na si Kristo bilang Anghel ng Diyos ay ang Isa na pumapatnubay sa mga tao; nang kumilos ang Anghel ng Diyos, kumilos rin ang haligi, nagpapakita na ang Anghel at ang haligi ay iisa; si Kristo at ang pumapatnubay na Espiritu ay hindi mapaghihiwalay (14:19; Juan 14:17-20; 16:13; 2 Cor. 3:17; Apoc. 5:6); higit pa rito, sa tuwing nakahaharap ng pagsalungat ang mga sumusunod sa Panginoon, ang gumagabay na liwanag ay kusang-kusang nagiging pumoprotektang liwanag; gayunpaman, sa mga sumasalungat ang pumoprotektang liwanag ay nagiging kadiliman (Exo. 14:20).

**VI. Upang maangkin ang at lumakad sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang realidad ng mabuting lupain, kailangan nating mamuhay at maglingkod sa realidad ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagkakaroon ng marami at puspusang panalangin sa ating buhay at paglilingkod—1 Ped. 2:5, 9; Col. 4:2:**

A. Kung buháy at sariwa at napagyaman man ang ekklesia ay nakadepende sa isang bagay na ito—yaong tayo ay patuloy na napupuspos ng Espiritu; upang patuloy na mapuspos ng Espiritu, kailangan nating maging yaong mga laan, hungkag, at nananalangin—b. 2; Fil. 2:13; Mat. 5:3, 8; Luc. 1:53; Efe. 5:18.

B. Ang karunungan, pag-unawa, kaalaman, at kasanayan para sa dakilang gawain ng pagtatayo ng ekklesia ay dapat ang Diyos Mismo bilang Espiritu sa atin; tanging ang Espiritu ng Diyos ang makapagtatayo ng Kanyang sariling pinananahanang lugar sa pamamagitan natin—Exo. 31:1-3; Zac. 4:6.

C. Kung magtitiyaga sa panalangin ang lahat ng banal sa lahat ng ekklesia, lubhang mapagyayaman at mapatataas ang pagbabawi; higit pa rito, matatamasa ng mga banal ang Panginoon, ang Kanyang presensiya, at ang Kanyang kagyat at palagiang pagpapahid; buong araw nilang matatamasa ang ngiti sa mukha ng Panginoon, at magiging kanilang karanasan at katamasahan ang buháy na persona ni Kristo.

*© 2023 Living Stream Ministry*